Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-18 NG HULYO, 2022 SA GANAP NA IKA-09:35 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

KGG. BELEN B. RAGA -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo
KGG. MA. ROMA R. TABLICO ----------- Kagawad
KGG. MODESTO B. ABADIER ----------- Kagawad
KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA ----------- Kagawad
KGG. IRENEO R. BALDOVINO ----------- Kagawad
KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO ----------- Kagawad
KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES ----------- Kagawad
KGG. MGGL. JEROMME R. LACBAY ----------- Kagawad
KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. ----------- Kagawad
KGG. ARIEL D. AÑONUEVO ----------- Pangulo-LnB

**DI-NAKADALO:**

KGG. DONNIE L. DE VENECIA ----------- Pangulo-SKF
*(Nasa Opisyal na Gawain)*

**KAPASIYAHAN BLG. 32 T. 2022**

**KAPASIYAHANG NAGGAGAWAD NG PAGKILALA KAY KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO DAHIL SA KANYANG WALANG PASUBALING PAGTUGON SA TAWAG NG MGA TUNGKULIN AT KAAKIBAT NA MGA GAWAIN BILANG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN SA LOOB NG TATLONG MAGKAKASUNOD NA TERMINO, NA NAGBUNGA NG HINDI MATATAWARANG AMBAG SA TINAMONG KAUNLARAN NG BAYAN NG LUMBAN MULA TAONG 2013 HANGGANG 2022**

**Akda ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT**, si Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino ay nagsimula sa pagiging lingkod-bayan bilang Sangguniang Kabataan Chairman at SK Federation President mula taong 2002 hanggang 2007 na humubog sa kaniyang pagmamahal sa bayan at sa mga mamayang Lumbeño;

**SAPAGKAT**, matapos ang mga taong nabanggit ay kaniyang ninais na maipagpatuloy ang paglilingkuran sa mga mamamayan ng Lumban kung kaya't noong taong 2013 matapos ang halalan ay nakamit niya ang posisyon sa pagka-Kagawad ng Kgg. Sangguniang Bayan na nasundan ng dalawa pang termino na tumagal hanggang taong 2022;

**SAPAGKAT**, ang kaniyang panunungkulan ay nagbunga ng mga natatanging mga Kautusang Bayan at mahahalagang mga Kapasiyahan na mula sa kaniyang mga pagsisikap at pangarap na makapaghatid ng mga kapakipakinabang na mga batas at mga proyekto;

**SAPAGKAT**, naging instrumento rin si Konsehal Sheryll Tablico-Gaurino upang patas na maigawad ang katarungan, maisulong ang karapatan ng mga kabataan at kababaihan, maisulong ang wastong edukasyon at maihatid ang Sanggunian sa wasto at pinakamabuting kapasiyahan upang itaas ang interes ng mga mamamayan at ng lokal na pamahalaan;

**SAPAGKAT**, ang paghahandog ng kaalaman, panahon at lakas para sa ikabubuti ng bayan sa loob ng tatlong magkakasunod na termino ay maituturing na isang malaking tagumpay para sa isang lingkod ng bayan na marapat lamang na bigyan ng pagkilala at pagtuunan ng marubdob na pasasalamat.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan nina Kgg. Ma. Roma R. Tablico, Kgg. John Dember A. Delos Reyes, Kgg. Mggl. Jeromme D. Lacbay at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan na naggagawad ng pagkilala kay Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino dahil sa kanyang walang pasubaling pagtugon sa tawag ng mga tungkulin at kaakibat na mga gawain bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Lumban sa loob ng tatlong magkakasunod na termino na nagbunga ng hindi matatawarang ambag sa tinamong kaunlaran ng Bayan ng Lumban mula taong 2013 hanggang 2022;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito si Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino gayundin ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-18 ng Hulyo, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt071822res32*